Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Office of the Secretary

NOV 26 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 475 , s. 2007

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA MGA MAKABAGONG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA MGA GURONG MEDYOR AT DI-MEDYOR SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng mga Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno ng mga Paaralang Publiko at Pribado sa Elementarya at Sekondarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamamagitan ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF), Rehiyon XI na nakabase sa University of Southeastern Philippines (USEP), Obrero, Lungsod ng Davao at Davao Oriental State College of Science and Technology (DOSCST), Lungsod ng Mati, Davao Oriental, ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Mga Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Gurong Medyor at Di-Medyor sa Filipino. Ito ay gaganapin sa Social Hall, University of Southeastern Philippines, Obrero Lungsod ng Davao sa Enero 23-25, 2008.

2. Ang paksang-tema ng seminar-worksyap na ito ay **"Mga Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino bilang Sanligan o Batayan sa Pagtuturo ng mga Gurong Medyor at Di-medyor sa Filipino".**

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahan na ang mga kalahok ay:

a. mapapalawak ang kaalaman ng mga guro sa Filipino hinggil sa istandardisado at intelekwalisadong wikang Filipino;
b. matatalakay at maipaliliwanag ang mga makabagong paraan o estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga gurong medyor at di-medyor sa Filipino;
c. mabibigyan ng sapat at karagdagang kabatiran sa pagtuturo ng Filipino sa pilosopiyang pang-edukasyon idealismo, realismo, pragmatismo, Ekstensyalismo, atbp.;
d. maitataas ang kabatiran at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino lalung-lalo na sa mga gurong di-medyor sa Filipino; at
e. malilinang ang kakayahan sa paggawa ng iba't ibang makabagong paraan o kagamitan sa pagtuturo ng Filipino.

4. Ang dapat dumalo sa seminar-worksyap na ito ay ang mga panrehiyong/pansangay na mga guro sa Filipino at sa mga gurong nagtuturo lamang ng Filipino na hindi medyor sa Filipino, pampribado man o pampubliko sa antas elementarya at sekondarya.

5. Ang mga kalahok/participant ng seminar-worksyap ay pinapayagang dumalo sa **opisyal na oras lamang**. Samantalang ang mga dadalo mula sa pribadong sector ay mangyayaring makipag-ugnay sa kani-kanilang administrador.

6. Ang butaw ng bawat kalahok ay Isanlibo at Limang Daang Piso (PhP1,500.00) para sa rehistrasyon, seminar handawts, kit, mga sertipiko, akomodasyon ng mga tagapanayam at babayarin sa venue ng nasabing seminar, pagkain (3 tanghalian at 6 na meryenda), honorarium at travel expenses ng mga tagapanayam at iba pang gastusin.

7. Mangyaring magpatala sa pamamagitan ng tel. blg. (082) 227-8192 local 300 o sumulat para sa kumpirmasyon ng inyong reserbasyon kay Prop. Norma Tecson, PSWF-USEP, Obrero, Lungsod ng Davao.

8. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**TEODOSIO C. SANGIL, JR.**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS

Maricar/Sally - DM-Mga Makabagong Estratehiya
11-15-07